
2

# Araling Panlipunan

## Ikaapat na Markahan – Modyul 4:
## Epekto ng Pamumuno at Paglilingkod sa Komunidad




ALTERNATIVE DELIVERY MODE

PAG-AARI NG PAMAHALAAN
HINDI IPINAGBIBILI

**Araling Panlipunan – Ikalawang Baitang**
**Alternative Delivery Mode**
**Ikaapat na Markahan – Modyul 4: Epekto ng Pamumuno at Paglilingkod sa Komunidad**
**Unang Edisyon, 2020**

Isinasaad sa Batas Republika 8293, Seksiyon 176 na: Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-sipi sa anomang akda ang Pamahalaan ng Pilipinas. Gayunpaman, kailangan muna ang pahintulot ng ahensiya o tanggapan ng pamahalaan na naghanda ng akda kung ito ay pagkakakitaan. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad.

Ang mga akda (kuwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o brand name, tatak o trademark, palabas sa telebisiyon, pelikula, atbp.) na ginamit sa modyul na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga tagapaglathala at mga may-akda ang karapatang-aring iyon. Ang anumang gamit maliban sa modyul na ito ay kinakailangan ng pahintulot mula sa mga orihinal na may-akda ng mga ito.

Walang anumang parte ng materyales na ito ang maaaring kopyahin o ilimbag sa anomang paraan nang walang pahintulot sa Kagawaran.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon
Kalihim: Leonor Magtolis Briones
Pangalawang Kalihim: Diosdado M. San Antonio

**Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul**

**Manunulat:** Michael L. Santos
**Editor:** Rosalie V. Feliciano
**Tagasuri:** Annalyn L. German EdD, Emmanuel V. De Mesa
Maria Eleonor D. Gavino
**Tagaguhit:** Kharlyn P. Banzon
**Tagalapat:** Mark Greg C. Binasoy
**Tagapamahala:**
Nicolas T. Capulong PhD, CESO V
Librada M. Rubio PhD
Ma. Editha R. Caparas EdD
Nestor R. Nuesca EdD
Rolando T. Sotelo DEM
Annalyn L. German EdD
Emmanuel V. De Mesa

**Inilimbag sa Pilipinas ng Kagawaran ng Edukasyon – Rehiyon III**
Office Address: Matalino St. D.M Government Center, Maimpis, City of San Fernando (P)
Telefax: (045) 598-8580 to 89
E-mail Address: region3@deped.gov.ph

2

# Araling Panlipunan

## Ikaapat na Markahan – Modyul 4: Epekto ng Pamumuno at Paglilingkod sa Komunidad

# Paunang Salita

Para sa tagapagdaloy:

Malugod na pagtanggap sa asignaturang Araling Panlipunan, Ikalawang Baitang ng Alternative Delivery Mode (ADM) Modyul para sa araling Epekto ng Pamumuno at Paglilingkod sa Komunidad!

Ang modyul na ito ay pinagtulungang dinisenyo, nilinang at sinuri ng mga edukador mula sa pambuliko at pampribadong institusyon upang gabayan ka, ang gurong tagapagdaloy upang matulungang makamit ng mag-aaral ang pamantayang itinakda ng Kurikulum ng K to12 habang kanilang pinanagumpayan ang pansarili, panlipunan at pang-ekonomikong hamon sa pag-aaral.

Ang tulong-aral na ito ay umaasang makauugnay ang mag-aaral sa mapatnubay at malayang pagkatuto na mga gawain ayon sa kanilang kakayahan, bilis at oras. Naglalayon din itong matulungan ang mag-aaral upang makamit ang mga kasanayang pan-21 siglo habang isinasaalang-alang ang kanilang mga pangangailangan at kalagayan.

Bilang karagdagan sa materyal ng pangunahing teksto, makikita ninyo ang kahong ito sa pinakakatawan ng modyul:

*Mga Tala para sa Guro*

Ito'y naglalaman ng mga paalala, panulong o estratehiyang magagamit sa paggabay sa mag-aaral.

Bilang tagapagdaloy, inaasahang bibigyan mo ng paunang kaalaman ang mag-aaral kung paano gamitin ang modyul na ito. Kinakailangan ding subaybayan at itala ang pag-unlad nila habang hinahayaan silang pamahalaan ang kanilang sariling pagkatuto. Bukod dito, inaasahan mula sa iyo na higit pang hikayatin at gabayan ang mag-aaral habang isinasagawa ang mga gawaing nakapaloob sa modyul.

Para sa mag-aaral:

Malugod na pagtanggap sa Araling Panlipunan, Ikalawang Baitang ng Alternative Delivery Mode (ADM) Modyul ukol sa Epekto ng Pamumuno at Paglilingkod sa Komunidad!

Ang modyul na ito ay ginawa bilang tugon sa iyong pangangailangan. Layunin nitong matulungan ka sa iyong pag-aaral habang wala ka sa loob ng silid-aralan. Hangad din nitong madulutan ka ng mga makabuluhang oportunidad sa pagkatuto.

Ang modyul na ito ay may mga bahagi at icon na dapat mong maunawaan.

| | |
|---|---|
| *Alamin* | Sa bahaging ito, malalaman mo ang mga dapat mong matutuhan sa modyul. |
| *Subukin* | Sa pagsusulit na ito, makikita natin kung ano na ang kaalaman mo sa aralin ng modyul. Kung nakuha mo ang lahat ng tamang sagot (100%), maaari mong laktawan ang bahaging ito ng modyul. |
| *Balikan* | Ito ay maikling pagsasanay o balik-aral upang matulungan kang maiugnay ang kasalukuyang aralin sa naunang leksyon. |
| *Tuklasin* | Sa bahaging ito, ang bagong aralin ay ipakikilala sa iyo sa maraming paraan tulad ng isang kuwento, awitin, tula, pambukas na suliranin, gawain o isang sitwasyon. |

| | |
|---|---|
| *Suriin* | Sa seksyong ito, bibigyan ka ng maikling pagtalakay sa aralin. Layunin nitong matulungan kang maunawaan ang bagong konsepto at mga kasanayan. |
| *Pagyamanin* | Binubuo ito ng mga gawaing para sa mapatnubay at malayang pagsasanay upang mapagtibay ang iyong pang-unawa at mga kasanayan sa paksa. Maaari mong iwasto ang mga sagot mo sa pagsasanay gamit ang susi sa pagwawasto sa huling bahagi ng modyul. |
| *Isaisip* | Naglalaman ito ng mga katanungan o punan ang patlang ng pangungusap o talata upang maproseso kung ano ang natutuhan mo mula sa aralin. |
| *Isagawa* | Ito ay naglalaman ng gawaing makatutulong sa iyo upang maisalin ang bagong kaalaman o kasanayan sa tunay na sitwasyon o realidad ng buhay. |
| *Tayahin* | Ito ay gawain na naglalayong matasa o masukat ang antas ng pagkatuto sa pagkamit ng natutuhang kompetensi. |

| | |
|---|---|
| *Karagdagang Gawain* | Sa bahaging ito, may ibibigay sa iyong panibagong gawain upang pagyamanin ang iyong kaalaman o kasanayan sa natutuhang aralin. |
| *Susi sa Pagwawasto* | Naglalaman ito ng mga tamang sagot sa lahat ng mga gawain sa modyul. |

Sa katapusan ng modyul na ito, makikita mo rin ang:

| | |
|---|---|
| *Sanggunian* | Ito ang talaang pinagkuhanan sa paglikha o paglinang ng modyul na ito. |

Ang sumusunod ay mahahalagang paalala sa paggamit ng modyul na ito:

1. Gamitin ang modyul nang may pag-iingat. Huwag lalagyan ng anomang marka o sulat ang anomang bahagi ng modyul. Gumamit ng hiwalay na papel sa pagsagot sa mga pagsasanay.
2. Huwag kalimutang sagutin ang *Subukin* bago lumipat sa iba pang gawaing napapaloob sa modyul.
3. Basahing mabuti ang mga panuto bago gawin ang bawat pagsasanay.
4. Obserbahan ang katapatan at integridad sa pagsasagawa ng mga gawain at sa pagwawasto ng mga kasagutan.
5. Tapusin ang kasalukuyang gawain bago pumunta sa iba pang pagsasanay.
6. Pakibalik ang modyul na ito sa iyong guro o tagapagdaloy kung tapos nang sagutin lahat ng pagsasanay.

Kung sakaling ikaw ay mahirapang sagutin ang mga gawain sa modyul na ito, huwag mag-aalinlangang konsultahin ang inyong guro o tagapagdaloy. Maaari ka rin humingi ng tulong kay nanay o tatay, o sa nakatatanda mong kapatid o sinuman sa iyong mga kasama sa bahay na mas nakatatanda sa iyo. Laging itanim sa iyong isipang hindi ka nag-iisa.

Umaasa kami, sa pamamagitan ng modyul na ito, makararanas ka ng makahulugang pagkatuto at makakakuha ka ng malalim na pang-unawa sa kaugnay na mga kompetensi. Kaya mo ito!

## Alamin

Ang pamumuno ay may malaking epekto sa komunidad. Maaaring maganda o di maganda ang bunga ng pamumuno at paglilingkod ng isang pinuno. Nakasalalay sa mabuting pamumuno ang ikauunlad at ikaaayos ng isang komunidad.

Pagkatapos ng modyul na ito, ang mga mag-aaral ay inaasahang:

1. naipaliliwanag ang epekto ng pagbibigay serbisyo at di pagbigay serbisyo sa komunidad; **(AP2PKK-IVd-3)**
2. natutukoy ang katangian ng isang mabuti at di mabuting pinuno ng komunidad; at
3. napahahalagahan ang maayos at magandang serbisyong ibinibigay sa komunidad.

## Subukin


Panuto: Isulat ang tsek (✓) kung tama ang isinasaad ng pangungusap at ekis naman (×) kung hindi tama. Ilagay ang sagot sa sagutang papel.

1. Ang mga pinuno ang nangunguna sa pagpapaunlad ng komunidad.
2. Walang magandang naidudulot ang pagkakaroon ng pinuno.
3. Nagiging maunlad ang komunidad kung ang pinuno ay naglilingkod nang maayos at tama.
4. Ang pag-unlad ng isang komunidad ay hindi lamang nakasalalay sa namumuno rito, kundi maging sa mga taong naninirahan dito.
5. Umuunlad ang isang komunidad kahit walang ginagawa ang namumuno.

# Aralin 4 — Epekto ng Pamumuno at Paglilingkod sa Komunidad

Ang pamumuno ay isang mahalagang tungkulin. Hindi biro ang gawaing ito. Kaugnay nito, dapat lamang na taglay ng isang pinuno ang mabubuting katangian na magsisilbing halimbawa sa kanyang mga nasasakupan.

Sa buhay ng bawat kasapi sa komunidad, mahalaga ang impluwensya ng mga namumuno dahil sa kanila nakasalalay ang pag-unlad ng komunidad.



## *Balikan*

Panuto: Isulat ang salitang Tama kung wasto ang isinasaad ng bawat pahayag at Mali kung hindi. Ilagay ang sagot sa sagutang papel.

1. Karapatan ng isang batang tulad mo ang pagkakaroon ng maayos na tirahan.
2. Kinakailangang ligtas ang mga palaruan sa komunidad.
3. Hindi na kinakailangang pumasok pa sa paaralan ang isang bata.
4. Karapatan ng batang tulad mo ang magkaroon ng malakas at malusog na pangangatawan.
5. Ang pagkakaroon ng pangalan ay hindi mahalaga.

# Tuklasin

Ang pangunguna ng bawat pinuno ay may malaking epekto sa komunidad. Maaaring maganda o hindi maganda ang bunga ng pamumuno at paglilingkod na ginagawa. Nakasalalay sa mabuting pamumuno ang ikauunlad at ikaaayos ng isang komunidad.

Ang taong naatasang maging pinuno ay dapat na:

1. responsable
2. may disiplina sa sarili
3. naninindigan sa kapayapaan at katotohanan
4. huwaran at mabuting halimbawa sa iba
5. walang pinapanigan sa pagpapatupad ng batas
6. inuuna ang kapakanan ng mga taong kanyang pinaglilingkuran
7. mapagkumbaba at may pagpapahalaga sa lahat ng uri ng tao

Ang pinuno ng ating komunidad ay dapat na may mabuting katangian upang magsilbing modelo sa mga kasapi ng komunidad.

Kung ang paglilingkod ay tama, maayos, at makatwiran, tunay na matutugunan ang pangangailanagan ng mga tao sa komunidad.

Panuto: Iguhit ang masayang mukha (😊) kung ang pahayag ay dapat taglayin ng isang mabuting pinuno at malungkot na mukha (☹️) kung hindi. Ilagay ang sagot sa sagutang papel.

| | |
|---|---|
| 1. may disiplina sa sarili | |
| 2. walang pinapanigan sa pagpapatupad ng batas | |
| 3. walang paninindigan | |
| 4. may pagpapahalaga sa lahat ng uri ng tao | |
| 5. mahirap hingian ng tulong | |
| 6. may kinakampihan sa pagpapatupad ng batas | |
| 7. huwaran at mabuting halimbawa sa iba | |
| 8. hindi marunong magpakumbaba | |
| 9. inuuna ang kapakanan ng mga tao | |
| 10. responsableng pinuno | |

## Suriin

Ang pamumuno at paglilingkod ng lider sa komunidad ay may epekto sa pamumuhay ng mga tao.


May maganda at di magandang epekto sa pamumuhay ng mga tao ang uri ng paglilingkod.

Malaki ang inaasahan sa mga pinuno ng komunidad dahil sila ang inihalal ng mga mamamayan. Gayonpaman, may mga pagkakataong nagkakamali ang mga nakatatanda at hindi nila naisasaalang-alang ang mga mabubuting katangian ng isang tunay na pinuno.


## Pagyamanin

Gawain A


Panuto: Isulat ang tsek (✓) kung tama ang isinasaad ng larawan at ekis (×) kung hindi. Ilagay ang sagot sa sagutang papel.

1. 


2.






3.



4.




5. 

6. 

7. 

8.



Gawain B

Panuto: Iguhit ang hugis bituin (☆)kung maganda ang pamumuno at hugis bilog (◯) kung hindi. Ilagay ang sagot sa sagutang papel.

1. Masaya ang mga tao sa komunidad dahil sa mga ilaw na inilagay sa kalsada.
2. Marami ang nagtutungo sa plasa upang mapanood ang mga magagandang displey na ipinagawa ng kapitan ng barangay.
3. Madalas bumabaha sa aming komunidad dahil sa mga nakabarang basura sa estero.
4. Maayos at matiwasay ang pamumuhay ng mga tao sa komunidad.
5. Maraming mga tambay ang maiingay at nag-iinuman sa kalsada kahit hatinggabi na.

## Isaisip

Panuto: HANAP SALITA: Hanapin at isulat sa sagutang papel ang sampung (10) magandang katangiang dapat taglayin ng isang lider.

| | | | | | | | | | | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|
| R | A | N | A | N | I | N | I | N | D | I | G | A | N | W |
| V | G | D | J | T | Q | B | M | J | Q | J | V | M | P | F |
| R | A | X | K | U | K | U | K | I | G | L | A | N | V | M |
| M | L | N | F | L | P | Z | A | M | O | K | T | A | H | A |
| D | A | R | U | R | G | J | C | L | A | S | F | G | U | K |
| I | H | P | E | Z | O | Y | X | T | C | E | O | L | W | A |
| S | A | W | A | S | Q | W | A | Z | X | R | M | I | A | T |
| I | P | V | I | G | P | O | L | O | F | S | Y | L | R | W |
| P | A | M | R | H | K | O | S | H | K | L | Z | I | A | I |
| L | P | N | I | V | G | U | N | L | G | C | R | N | N | R |
| I | G | T | F | T | F | Y | M | S | H | V | M | G | Y | A |
| N | A | D | P | D | A | R | E | B | A | J | E | K | R | N |
| A | P | R | V | J | Q | P | Q | H | A | B | S | O | V | I |
| E | F | Q | E | Z | U | F | A | L | K | B | L | D | W | G |
| J | G | M | C | M | X | P | D | T | W | R | A | E | J | T |



# Isagawa

Panuto: Kopyahin at kompletuhin ang pangungusap gamit ang mga ginulong letra na nasa ibaba ng pangungusap.

1. Ang kapitan ng barangay ay maasahan , mabuti, at may ________________ sa sarili.

| d | l | p | i | a | i | n | s | i |
|---|---|---|---|---|---|---|---|---|

2. Ang mga pulis ay walang pinapanigan sa pagpapatupad ng ________________.

| a | t | b | s | a |
|---|---|---|---|---|

3. Ang tanod sa aming barangay ay huwaran at mabuting ________________ sa iba.

| m | h | l | i | a | a | w | b | a |
|---|---|---|---|---|---|---|---|---|

4. Ang pinunong ________________ ay maaasahan ng bawat kasapi ng komunidad.

| r | p | s | e | n | a | s | o | e | b | l |
|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|

5. Ang aming kapitan ay palaging inuuna ang ________________ ng mga taong kanyang pinaglilingkuran.

| p | k | a | n | a | a | k | n | a |
|---|---|---|---|---|---|---|---|---|

## *Tayahin*

Panuto: Iguhit ang masayang mukha (😊) kung ang pahayag ay nagsasaad ng magandang epekto ng pamumuno sa komunidad at malungkot na mukha (☹) kung hindi. Ilagay ang sagot sa sagutang papel.

1. Nagtutulungan ang mga tao sa mga gawain.
2. Malinis ang palengke at walang basurang nakakalat.
3. Malinis ang kapaligiran , walang dumi o basurang nakakalat.
4. Maraming tambay na nag-aaway sa kalsada.
5. Iba-iba man ang relihiyon, subalit may pagkakaisa at pagtutulungan ang bawat isa.

# *Karagdagang Gawain*

Panuto: Magtala ng mga magagandang epekto at di magagandang epekto ng pamumuno na nakikita mo sa iyong komunidad.

| Epekto ng magandang pamumuno | Epekto ng di-magandang pamumuno |
|---|---|
| Hal. Malinis at walang basura ang mga estero. | Marumi at puno ng basura ang mga estero. |
| | |
| | |
| | |
| | |
| | |

Rubrik

| Kraytirya | 1 | 2 | 3 | 4 | 5 |
|---|---|---|---|---|---|
| Presenta-syon | Mahirap basahin dahil hindi maayos at hindi rin malinis ang pagkakasulat. Hindi natukoy ang mga epekto ng maganda at di-magandang pamumuno | May kahirapang unawain ang pagkakasulat at hindi natukoy ang mga epekto ng maganda at di-magandang pamumuno | Malinis ngunit hindi maayos ang lahat ng pangungusap. Hindi natukoy ang mga epekto ng maganda at di-magandang pamumuno | Malinis at maayos ang pagkaka-sulat ng talata ngunit hindi natukoy lahat ang mga epekto ng maganda at di-magandang pamumuno | Malinis at maayos ang pagkaka-sulat ng talata. Natukoy lahat ang mga epekto ng maganda at di-magandang pamumuno |

# Susi sa Pagwawasto

**Subukin**

1. ✓
2. ×
3. ✓
4. ✓
5. ×


**Balikan**

1. TAMA
2. TAMA
3. MALI
4. TAMA
5. MALI

**Tuklasin**

1. 😊
2. 😊
3. ☹
4. 😊
5. ☹
6. ☹
7. 😊
8. ☹
9. 😊
10. 😊

**Isaisip**




**Pagyamanin**

A.
1. ×
2. ✓
3. ✓
4. ×
5. ×
6. ✓
7. ✓
8. ✓

B.
1. ☆
2. ☆
3. ○
4. ☆
5. ○

**Isagawa**

1. disiplina
2. batas
3. halimbawa
4. responsable
5. kapakanan

**Tayahin**

1. ☺
2. ☺
3. ☺
4. ☹
5. ☺

# *Sanggunian*

Cruz, Gloria M. et.al. 2013. *Araling Panlipunan 2 Kagamitan ng Mag-Aaral.* Vibal Publishing House, Inc.

Gomez, Ma. Arsenia C., and Clamor-Canlas, Ma. Louren. 2015. *Tuklas Lahi Serye sa Araling Panlipunan 2: Edisyong K-12.* Bonanza Plaza 2, Block 1, Lot 6, Hilltop Subdiv. Greater Lagro, Novaliches, Quezon City, Philippines. Brilliant Creations Publishing, Inc.

Laggui, Charito N., and dela Cruz, Ninia H. 2015. *Araling Panlipunan 2 Pagsusuri: Edisyong 2015, Mapanuring implementasyon ng K to 12.* Ibon Center, 114 Timog Avenue, Quezon City, Philippines. IBON Foundation, Inc.

Nem-Varon, Diana.2020. *Kamalayang Panlipunan 2: Ang Aking Komunidad, Noon at Ngayon.* Abiva Bldg., 851 G. Araneta Ave., 1113 Quezon City, Philippines. ABIVA Publishing House, Inc.

**Para sa mga katanungan o puna, sumulat o tumawag sa:**

Department of Education - Bureau of Learning Resources (DepEd-BLR)

Ground Floor, Bonifacio Bldg., DepEd Complex
Meralco Avenue, Pasig City, Philippines 1600

Telefax: (632) 8634-1072; 8634-1054; 8631-4985

Email Address: blr.lrqad@deped.gov.ph * blr.lrpd@deped.gov.ph